Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulacan
Bayan ng Bulakan

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

**HANGO SA KATITIKAN NG IKA-18 NA PANGKARANIWANG PAGPUPULONG NG IKA-11 SANGGUNIANG BAYAN NA GINANAP NOONG IKA-3 NG NOBYEMBRE, 2022 SA BULWAGANG HEN. GREGORIO DEL PILAR, PAMAHALAANG BAYAN, BULAKAN, BULACAN**

**MGA DUMALO:**

Igg. Atty. Reina Rica C. Sanchez - - - - - - - - - - - - Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag

**MGA KAGAWAD**

| | |
|---|---|
| Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio | Igg. Bienvenido M. Cruz Jr. |
| Igg. Jose Antonio V. Lava | Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan |
| Igg. Aron Ronald R. Cruz | Igg. Rchie E. San Jose |
| Igg. Marbin J. Garcia | Igg. Michael M. Ramos (ABC) |
| Igg. Christopher Aron C. Del Rosario | Igg. Miguel Leonardo (SK) |

**LAHAT AY NAKADALO**

## KAPASIYAHANG BAYAN BLG. 56 - 2022

**"KAPASIYAHANG BAYAN NA NAGBIBIGAY NG PAGSANG-AYON SA PUNONG BAYAN, IGG. VERGEL C. MENESES NA LUMAGDA SA NGALAN NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULAKAN SA DEED OF DONATION PARA SA IPAGKAKALOOB NA TALONG (3) MINI DUMP TRUCKS AT TALONG (3) AMBULANCES SA MGA BARANGAY NG PAMAHALAANG BAYAN: BARANGAY STA. INES, BARANGAY MATUNGAO, BARANGAY SAN FRANCISCO, BARANGAY STA. ANA AT SAN JOSE"**

Nag-Isponsor: Lupon ng Rules and Ethics and Privileges, Accreditation and Accountability, Legal Matters
Tagapangulo: Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan, Ka-Tagapangulo: Igg. Bienvenido M. Cruz Jr.
Miyembro: Igg. Rchie E. San Jose, Igg. Aubrhie Cindyrelle D. Carpio, Igg. Marbin J. Garcia

**SAPAGKAT,** ang Tanggapan ng Punong Bayan at nagsumite ng liham na may petsang Oktubre 25, 2022 hinggil sa Deed of Donation sa pagitan ng Pamahalaang Bayan at Barangay Sta. Ines, Barangay Matungao, Barangay San Francisco, Barangay Sta. Ana at Barangay San Jose para sa ipagkakaloob na Mini Dump Trucks at Ambulances na unang binasa ngayong ika-18 na Pangkaraniwang Pagpupulong na ginanap noong Nobyembre 3, 2022 at itinukoy sa Lupon ng Alituntunin, Batas at Etika;

**SAPAGKAT,** ang Pamahalaang Bayan ng Bulakan, sa mandato ng Republic Act No. 9003 o ang Solid Waste Management Act of 2002 ay magkakaloob ng mga biniling *Mini Dump Trucks* na gagamitin ng mga Barangay sa maayos at mabisang gampanin, gaya ng *waste segregation* at paghakot ng bulto ng basura mula sa mga looban at makipot na kalye, patungo sa mga *pick-up points* ng Barangay;

**SAPAGKAT,** sa pandemya ng COVID-19 ay napatunayang mahalaga ang importansya ng pagkakaroon ng mga ambulansya na naka-istasyon sa Pamahalaang Bayan at mga Barangay nito upang makapag serbisyo sa mga mamayang may pangangailangang medikal;

**SAPAGKAT,** ang tatlong (3) *mini dump trucks* at tatlong (3) *ambulances* ay ipagkakaloob sa pamamagitan ng Deed of Donation sa mga sumusunod na mga Barangay:

| BARANGAY | DESCRIPTION | PLATE NUMBER |
|---|---|---|
| STA INES | Mini Dump Truck | Conductive Sticker No.: U3Z614 |
| MATUNGAO | Mini Dump Truck | Conductive Sticker No.: U3Z605 |
| SAN FRANCISCO | Mini Dump Truck | Conductive Sticker No.: U3Z422 |

| BARANGAY | DESCRIPTION | PLATE NUMBER |
|---|---|---|
| SAN FRANCISCO | Patient Transport Vehicle | |
| STA. ANA | Patient Transport Vehicle | |
| SAN JOSE | Patient Transport Vehicle | |

**SA MUNGKAHI,** ni Igg. Atty. Ana Marie V. Pagsibigan na pinangalawahan at pinagtibay ng lahat ng mga Kagawad na dumalo;

**IPINASIYA,** Tulad Ng Dito'y Ginagawang Pagpapasiya Na Nagbibigay Ng Pagsang-Ayon Sa Punong Bayan, Igg. Vergel C. Meneses Na Lumagda Sa Ngalan Ng Pamahalaang Bayan Ng Bulakan Sa Deed Of Donation Para Sa Ipagkakaloob Na Talong (3) Mini Dump Trucks At Talong (3) Ambulances Sa Mga Barangay Ng Pamahalaang Bayan: Barangay Sta. Ines, Barangay Matungao, Barangay San Francisco, Barangay Sta. Ana At San Jose.

**PINAGTIBAY.**

Pinatutunayan ko na ang natititik sa itaas nito ay pinagtibay ng Sangguniang Bayan ng Bulakan.

**JEFF C. TANSINSIN**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

**PINAGTIBAY:**

**AUBRHIE CINDYRELLE D. CARPIO**
Kagawad

**JOSE ANTONIO V. LAVA**
Kagawad

**ARON RONALD R. CRUZ**
Kagawad

**MARBIN J. GARCIA**
Kagawad

**CHRISTOPHER ARON C. DEL ROSARIO**
Kagawad

**BIENVENIDO M. CRUZ JR.**
Kagawad

x- - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

**Atty. ANA MARIE V. PAGSIBIGAN**
Kagawad

**RCHIE E. SAN JOSE**
Kagawad

**MICHAEL M. RAMOS**
Kagawad (Ex-Officio-ABC)

**MIGUEL LEONARDO**
Kagawad (Ex-Officio-SK)

**PINATUTUNAYAN** at **NILAGDAAN:**

**Atty. REINA RICA C. SANCHEZ**
Pangalawang Punong Bayan
Tagapangulo ng Hapag